

PAGLALAGAY NG FLUORIDE

ANO ANG FLUORIDE?

Ang fluoride ay isang masaganang elemento sa crust ng Mundo na natural na matatagpuan sa mga bato, lupa, at sariwang tubig at tubig ng karagatan. Ang erosyon ng mga bato at lupang nagtataglay ng fluoride ay nakakatulong sa pagkatunaw ng fluoride sa iba't ibang antas sa tubig sa ibabaw at ilalim ng lupa. Kabilang sa iba pang pinagmumulan ng fluoride sa mga supply ng tubig ang mga emission mula sa mga prosesong pang-industriya at paglalagay ng fluoride na gawa ng tao.

ANO ANG PAGLALAGAY NG FLUORIDE?

Kapag may fluoride sa inuming tubig sa inirerekomendang pinakamainam na antas, napatunayang nagsusulong ito ng mga benepisyong sa kalusugan ng bibig. Nag-iiba-iba depende sa mga komunidad ang dami ng natural na fluoride sa mga supply ng tubig. Sa ilang supply ng tubig sa komunidad, masyadong mataas at dapat alisin ang natural na umiiral na fluoride. Sa iba pang komunidad, tulad ng sa atin, karaniwang hindi sapat ang natural na umiiral na fluoride upang magbigay ng mga benepisyong. Ang paglalagay ng fluoride sa tubig ay ang pagdaragdag ng kaunting fluoride sa isang supply ng tubig sa komunidad upang makamit ang pinakamainam na antas ng fluoride na nakakatulong upang maiwasan ang pagkabulok ng ngipin. Inaatasan ng batas ng estado na AB 733 ang mga pampublikong sistema ng tubig na may 10,000 o higit pang koneksyon ng tubig na lagyan ng fluoride ang kanilang supply ng tubig.

Ang San Francisco Public Utilities Commission (SFPUC) ay nagsu-supply ng tubig na nilagyan ng fluoride sa mga residente ng San Francisco at wholesale na customer sa northern peninsula area simula pa noong unang bahagi ng 1950. Simula noong Nobyembre 2005, nakapag-supply na ng tubig na may fluoride sa lahat ng wholesale at retail na customer ng SFPUC sa Bay Area.

PAGSUBAYBAY SA FLUORIDE

Kinokontrol ng mga itinakdang limitasyon ang kalidad ng inuming tubig para sa proteksyon ng pampublikong kalusugan. Ang mga regulasyon sa kalidad ng inuming tubig, kabilang ang mga antas ng fluoride sa mga pampublikong sistema ng inuming tubig, ay itinatakda ng Dibisyon ng Inuming Tubig ng State Water Resources Control Board (SWRCB). Regular na sinusubaybayan ng SFPUC ang mga antas ng fluoride sa inuming tubig upang matugunan ang regulasyon ng estado at nagsusumite ito ng mga resulta ng pagsubaybay sa fluoride sa SWRCB kada buwan.

Sinusubaybayan ng SFPUC ang fluoride sa lahat ng tubig nito, kabilang ang mga pinag-iimbakan ng tubig sa ibabaw ng lupa, balon ng tubig sa ilalim ng lupa, at tubig na pinahusay ang kalidad na inihahatid sa mga bahay.

Ang inuming tubig ng SFPUC ay ligtas inumin, na may mga antas ng fluoride sa tubig na inihahatid sa mga customer na lubos na mas kaunti kaysa sa pinakamataas na limitasyon ng Estado. Mula 2019-2023, ang average na antas ng fluoride sa inuming tubig na pinahusay ang kalidad ng SFPUC ay 0.7 mg/L, na naaayon sa pinakamainam na antas ng fluoride na itinakda ng Estado.



GAANO KARAMING FLUORIDE ANG NASA TUBIG KO?

Ang aming target na antas ng fluoride para sa inuming tubig ay 0.7 miligramo kada litro (mg/L, o parts per million, ppm), na naaayon sa panregulatoryong gabay ng Estado noong Abril 2015 tungkol sa pinakamainam na antas ng fluoride. Ang daming ito ay halos katumbas ng ilang patak ng fluoride sa isang heater ng tubig. Sa kasalukuyan, ang pinakamataas na limitasyon ng Estado para sa fluoride ay 2 mg/L. Ito ang pinakamataas na antas ng fluoride na pinahihintulutan sa inuming tubig.

PAGLALAGAY NG FLUORIDE

ANO ANG MGA BENEPISYO NG PAGLALAGAY NG FLUORIDE?

Ang isa sa mga pinakakaraniwang hindi gumagaling na sakit ng pagkabata ay mga sira sa ngipin o pagkabulok ng ngipin, partikular na para sa mga walang access sa pangangalaga sa ngipin. Ang paglalagay ng fluoride sa tubig ay isang gawaing kinikilala ng karamihan na napatunayang ligtas at mabisa upang maiwasan at makontrol ang pagkabulok ng ngipin. Bukod pa rito, ineendorso ng mga eksperto sa medisina at ngipin ang paglalagay ng fluoride sa tubig bilang nag-iisa at pinakamabisang hakbang para sa pampublikong kalusugan upang mapabuti ang kalusugan ng bibig. Samakatuwid, ang tubig na nilagyan ng fluoride ay napapakinabangan ng buong komunidad, mga bata at nasa hustong gulang anuman ang kanilang edad, lalo na ng mga populasyong mababa ang kita at hindi sapat na napaglilingkuran.

Ang pagdaragdag ng fluoride sa mga antas na ibinibigay para sa inuming tubig, bukod pa sa pagkonsumo ng fluoride na mula sa lahat ng iba pang pinagmulan, ay ligtas para sa mga tao at lahat ng hayop.

MAYROON BANG ANUMANG PAGSASAALANG-ALANG SA KALUSUGAN KAUGNAY NG TUBIG NA NILAGYAN NG FLUORIDE?

Mahigit 70 taon nang umiinom ang mga residente ng San Francisco ng tubig na nilagyan ng fluoride nang walang alam at/o malinaw na masamang epekto sa kalusugan. Ang mga sanggol na pinaiinom ng gatas na hinaluan ng tubig na may fluoride sa pinakamainam na antas na 0.7 mg/L na inirerekomenda ng Centers for Disease Control and Prevention (CDC) ay maaaring may mas mataas na posibilidad na magkaroon ng manipipis na puting linya o guhit sa kanilang mga ngipin. Ang mga markang ito ay tinatawag na hindi malubha hanggang talagang hindi malubhang fluorosis, at kadalasang nakikita lang sa ilalim ng microscope. Kahit sa mga pagkakataong nakikita ang mga marka, walang anumang panganib ang mga ito sa kalusugan. Itinuturing ng CDC na ligtas ang paggamit ng tubig na nilagyan ng fluoride sa pinakamainam na paraan kapag nagtitimpla ng gatas ng sanggol.

Upang mapaliit ang posibilidad na ito ng pagkakaroon ng dental fluorosis, maaari ninyong piliing gumamit ng nakaboteng tubig na mababa ang fluoride para magtimpla ng gatas ng sanggol. Gayunpaman, maaari pa ring magkaroon ng dental fluorosis ang mga bata dahil sa pagkonsumo ng fluoride mula sa iba pang pinagmumulan tulad ng mga pagkain, toothpaste, at produkto para sa ngipin. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa gatas ng sanggol at fluorosis, mangyaring bisitahin ang website ng CDC sa link sa susunod na pahina.

Kinikilala ng mga organisasyon sa pampublikong kalusugan at propesyonal na organisasyon ang mga benepisyo ng pag-inom ng tubig na nilagyan ng fluoride sa kalusugan ng bibig. Ang siyentipikong pananaliksik sa paglalagay ng fluoride sa mga sistema ng tubig sa komunidad sa mga kinokontrol na antas ay hindi nagpakita ng anumang panganib sa kalusugan. Nagkaroon ng ilang kamakailang pag-aaral na nagpapahiwatig na maaaring makaapekto ang fluoride sa kognitibong pag-unlad sa pagkabata. Noong Setyembre 2024, iniutos ng isang Hukuman ng Distrito ng U.S. sa Environmental Protection Agency (EPA) ng US na suriin ang potensyal na panganib ng mga antas ng fluoride sa inuming tubig at maghanda ng tugon. Binigyang-diin ng hukom na walang kasiguruhang nilalagay sa panganib ng tubig na nilagyan ng fluoride ang pampublikong kalusugan. Sinusuri ng EPA ang kaso. Ang American Dental Association (ADA), American Academy of Pediatrics, California Department of Public Health (CDPH), at CDC ay patuloy na sinusupportahan ang paglalagay ng fluoride bilang ligtas at kapaki-pakinabang para sa kalusugan ng bibig. Kasunod ng pasya ng hukuman, sinabi ng ADA na “nananatili itong matatag na sumusuporta sa paglalagay ng fluoride sa tubig sa komunidad sa mga pinakamainam na antas upang makatulong na maiwasan ang pagkabulok ng ngipin.” Isinaad ng CDPH na “Ang inuming tubig na nilagyan ng fluoride sa pinakamainam na paraan ay ligtas at mabisang hakbang na nakakatulong na maiwasan ang pagkabulok ng ngipin at lalong mahalaga sa mga komunidad na hindi sapat na napaglilingkuran kung saan limitado ang access sa pangangalaga sa kalusugan ng ngipin.”



PAGLALAGAY NG FLUORIDE

MGA RESOURCE PARA SA CONSUMER: REGULASYON/KALUSUGAN



SFPUC: TAUNANG ULAT SA KALIDAD NG TUBIG

www.sfpuc.gov/accounts-services/water-quality/annual-triennial-water-quality-reports



SWRCB: PAGLALAGAY NG FLUORIDE

www.waterboards.ca.gov/drinking_water/certlic/drinkingwater/fluoridation.html



CDC: PAGLALAGAY NG FLUORIDE SA TUBIG SA KOMUNIDAD

www.cdc.gov/fluoridation/faq/

NAKATUON KAMI SA KALIDAD

Tuloy-tuloy na sinusubaybayan ng aming mga ekspertong chemist, technician, at inspektor ang tubig na inihahatid namin—sa kabuuan ng aming sistema, araw-araw sa buong taon. Para sa karagdagang impormasyon at mga materyal, mangyaring bisitahin ang sfwater.org/quality.

Para sa mga tanong tungkol sa INYONG tubig, mangyaring tumawag sa 311. Maaari din kayong bumisita sa 311.org.



I-FOLLOW KAMI!



San Francisco
Water Power Sewer

Services of the San Francisco Public Utilities Commission